## ARALIN 8

1. Inihanda ba ng Diyos ang lupa para sa mga anghel o para kay Satanas at sa kanyang mga demonyo?
-Hindi.

2. Para kanino inihanda ng Diyos ang mundo?
-Inihanda ng Diyos ang mundo para sa ating mga tao.

3. Sa lahat ng nilikha ng Diyos, alin ang pinakamahalaga?
-Mga tao.

4. Dahil ang mga tao ang pinakamahalaga sa lahat ng nilikha ng Diyos, paano nagpasya ang Diyos na gawin tayo?
-Nagpasya ang Diyos na gawin tayo ayon sa Kanyang sariling wangis.

5. Anong bahagi ng mga tao ang ginawa ayon sa wangis ng Diyos?
-Ang ating isip, damdamin, at kalooban.

6. Ano ang nais ng Diyos na gawin natin sa ating isip?
-Nais ng Diyos na isipin natin ang mabuti.
-Nais ng Diyos na isipin natin ang tungkol sa Diyos.

7. Bakit tayo binigyan ng Diyos ng damdamin?
-Upang mahalin natin ang Diyos.

8. Ano ang nais ng Diyos na gawin natin sa ating kalooban?
-Nais ng Diyos na piliin natin ang mabuti.
-Nais ng Diyos na piliin natin ang Diyos.



9. Ilang tao ang nilalang ng Diyos sa simula?
-Isang lalaki at isang babae lamang.

10. Ano ang pangalan ng unang lalaki?
-Adan.

11. Pagkatapos lalangin ng Diyos si Adan, ano ang ginawa ng Diyos kay Adan?
-Ginawa ng Diyos si Adan na tagapamahala ng buong mundo.

12. Ano ang buhay sa simula?
-Sa simula, walang galit.
-Sa simula, walang poot.
-Sa simula, walang kasamaan.
-Sa simula, walang kamatayan.

13. Sino ang nanonood noong nilikha ng Diyos ang isang perpektong mundo?
-Ang mga anghel ng Diyos, si Satanas, at ang kanyang mga demonyo.

14. Masaya ba si Satanas at ang kaniyang mga demonyo nang nilikha ng Diyos ang isang perpektong sanlibutan?
-Hindi.

-Natapos na ba ng Diyos ang paglikha ng langit at lupa?
-Oo.

Basahin natin ang Genesis 2:1

1-Nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat ng mga bagay sa mga iyon.

-Natapos ng Diyos ang paglikha ng lahat.

-Natapos ng Diyos ang lahat ng gawaing binalak Niyang gawin.

-Minsan ang mga tao ay nagsisimula ng isang gawain, ngunit hindi ito tinatapos.

-Minsan ang mga kalalakihan ay nagsisimulang magtayo ng bahay, ngunit hindi natatapos.

-Minsan ang mga kababaihan ay nagsisimulang gumawa ng palayok, ngunit hindi tinatapos.

-Minsan ang mga tao ay hindi nakakatapos ng trabaho dahil ito ay napakahirap.

-Minsan hindi natatapos ang mga tao dahil may pumipigil sa kanila.

-Gayunpaman, ang Diyos ay hindi katulad ng mga tao.

-Kapag sinimulan ng Diyos ang isang gawain, hindi Siya tumitigil dahil mahirap ang gawain.

-Kapag sinimulan ng Diyos ang isang gawain, hind Siya tumitigil kahit may pumipigil sa Kanya.

-Kapag sinimulan ng Diyos ang isang gawain, palaging tinatapos ng Diyos ang gawain.

-Bakit laging tinatapos ng Diyos ang isang gawain na Kanyang sinimulan?



-Sapagkat hindi nagbabago ang Diyos.

-Sapagkat walang makapipigil sa Diyos na tapusin ang Kanyang gawain.

-Kapag sinimulan ng Diyos ang isang gawain, maaari bang ihinti ng mga tao ang Kanyang gawain?
-Hindi.

-Kapag sinimulan ng Diyos ang isang gawain, maaari bang ihindi ni Satanas o ng kanyang mga demonyo ang Kanyang gawain?
-Hindi.

-Kapag nangako ang Diyos na gagawa ng isang bagay, lagi Niya itong tutuparin.

-Basahin natin ang ginawa ng Diyos matapos Niyang likhain ang langit at lupa:

Basahin natin ang Genesis 2:2-3

2-Nang ikapitong araw ay natapos ng Diyos ang gawain na kanyang ginawa, at nagpahinga siya nang ikapitong araw mula sa lahat ng gawaing kanyang ginawa.
3-At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw at kanyang ginawang banal, sapagkat sa araw na iyon ay nagpahinga ang Diyos sa lahat ng gawain na kanyang ginawa.

-Bakit nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw?

-Napagod ba ang Diyos?
-Hindi.

-Bakit hindi napagod ang Diyos matapos likhain ang lahat?

-Dahil ang Diyos ay hindi napapagod.
-Dahil ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi nagwawakas.

-Bakit nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw?

-Sapagkat natapos nang likhain ng Diyos ang lahat ng Kanyang plinanong likhain.

-Nilikha ng Diyos ang lahat sa ilang araw?
-Anim na araw lamang.

-Ilang araw ang kailangan para makapagtayo ng bahay?
-Higit siguro sa tatlong buwan.

-Ngunit tignan mo ang lahat ng nilikha ng Diyos sa loob lamang ng anim na araw.

-Ang Diyos lamang ang makakalikha ng langit at lupa sa loob lamang ng anim na araw.

Basahin natin ang Genesis 2:4b & 6

4-Sa araw na likhain ng Panginoong Diyos ang langit at lupa.
6-Ngunit may isang ulap na pumaitaas buhat sa lupa at dinilig ang buong kapatagan ng lupa.

-Noong unang likhain ng Diyos ang lupa, walang ulan.
-Kung walang ulan sa simula, paanong dinidiligan ng Diyos ang lupa?



-Dinidiligan ng Diyos ang lupa sa pamamagitan ng hamog na nagmula sa lupa.

Basahin natin ang Genesis 2:8

8-Naglagay ang Panginoong Diyos ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay niya roon ang taong kanyang nilalang.

-Sa simula, ang Diyos ay nagtanim ng isang magandang hardin.

-Ano ang pangalan ng hardin na tinamnan ng Diyos?
-Ang Hardin ng Eden.

-Para kanino tinamnan ng Diyos ang Hardin ng Eden?
-Para kay Adan.

-Bakit tinamnan ng Diyos ang hardin para kay Adan?
-Dahil mahal na mahal ng Diyos si Adan.

-Nang itanim ng Diyos ang hardin, inilagay Niya si Adan sa hardin.

-Tinanong ba ng Diyos si Adan kung maaari Niyang ilagay si Adan sa Hardin ng Eden?
-Hindi.

-Bakit hindi tinanong ng Diyos si Adan kung maaari Niyang ilagay si Adan sa Hardin ng Eden?

-Dahil nilikha ng Diyos si Adan, si Adan ay pag-aari ng Diyos.

-Dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao, sino ang nagmamay-ari ng lahat ng tao?

-Lahat ng tao ay pag-aari ng Diyos.

-Dahil nilikha ng Diyos ang lahat, kaninong pag-aari ang lahat?
-Lahat ay sa Diyos.

-Sa gitna ng Hardin ng Eden, nagtanim ang Diyos ng dalawang espesyal na puno.

Basahin natin ang Genesis 2:9b

9-Gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.

-Ano ang pangalan ng unang punong itinanim ng Diyos sa gitna ng Hardin ng Eden?

-Ang Puno ng Buhay.

-Bakit itinanim ng Diyos ang Puno ng Buhay sa gitna ng Hardin ng Eden?

-Nais ng Diyos na kumain si Adan mula sa puno at mamuhay magpakailanman.

-Hindi pinilit ng Diyos si Adan na kumain mula sa Puno ng Buhay.

-Nais ng Diyos na si Adan ang pumili.



-Nais ng Diyos na piliin ni Adan na kumain mula sa Puno ng Buhay.

-Nais ng Diyos na piliin ni Adan ang buhay.

-Ano ang pangalan ng pangalawang punong itinanim ng Diyos sa gitna Halamanan ng Eden?

-Ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama.

-Para sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama, binigyan ng Diyos si Adan ng utos.

Basahin natin ang Genesis 2:16-17a

16-At iniutos ng Panginoong Diyos sa lalaki, na sinabi, “Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan,
17-Subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain.”

-Para sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama, ano ang utos na ibinigay ng Diyos kay Adan?

-Inutusan ng Diyos si Adan na huwag kainin ang bunga nito.

-Alam ng Diyos kung ano ang mabuti at kung ano ang masama.

-Alam ng Diyos na mabuti ay mabuti, at ang masama ay masama.

-Sa simula, alam lamang ni Adan ang mabuti.

-Sa simula, hindi alam ni Adan ang anumang kasamaan.

-Basahin natin ang sinabi ng Diyos na maaaring mangyari kay Adan kung kakain siya mula sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama.

Basahin natin ang Genesis 2:17b

17-[Sinabi ng Panginoong Diyos kay Adan] "Sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka."

-Kung kakainin ni Adan ang bunga ng Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama, ano ang mangyayari?

-Mamamatay si Adan.

-Ano ang kamatayan?

-Sabi ng karamihan, iisa lang ang kamatayan.
-Sinabi ng Diyos na mayroong tatlong kamatayan.

-Ang unang kamatayan ay ang paghihiwalay sa Diyos.

-Bakit ang paghihiwalay sa Diyos ay kamatayan?

-Dahil ang Diyos lamang ang Tagapagbigay ng buhay.
-Dahil ang lahat ng buhay ay nagmula sa Diyos.

-Si Lucifer ay nagkasala, at siya ay nahiwalay sa Diyos.

-Kung si Adan ay sumuway sa Diyos, si Adan ay mahihiwalay sa Diyos.



-Ang ikalawang kamatayan ay ang paghihiwalay ng kaluluwa sa katawan.

-Ito ang kamatayan na alam ng karamihan.

-Kung susuwayin ni Adan ang Diyos, mamamatay ang katawan ni Adan.

-Ang ikatlong kamatayan ay ang paghihiwalay magpakailanman sa Lawa ng Apoy.

-Kung susuwayin ni Adan ang Diyos, ang kaluluwa ni Adan ay mapupunta sa Lawa ng Apoy.

-Kung susuwayin ni Adan ang Diyos, siya ay mahihiwalay sa Diyos, ang kanyang katawan ay mamamatay, at ang kanyang kaluluwa ay mapupunta sa Lawa ng Apoy.

-Bakit maaaring utusan ng Diyos si Adan na huwag kumain mula sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama?

-Dahil nilikha ng Diyos si Adan.

-Dahil si Adan ay pag-aari ng Diyos.

-Kung ang isang tao ay gumagawa ng asarol, hindi ba ang asarol na iyon ay pag-aari ng taong gumawa nito?
-Oo.

-Kung ang isang babae ay gumawa ng isang basket, hindi ba ang basket na iyon ay pag-aari ng babaeng gumawa nito?
-Oo.

-Kung ang isang bata ay gumawa ng isang laruan, hindi ba ang laruang iyon ay pagmamay-ari ng batang gumawa nito?
-Oo.

-Dahil nilikha ng Diyos si Adan, si Adan ay pag-aari ng Diyos.
-Dahil nilikha ng Diyos si Adan, maaaring utusan ng Diyos si Adan.

-Mabuti ba para sa Diyos na utusan si Adan?
-Oo.

-Bakit mabuti para sa Diyos na utusan si Adan?
-Dahi mas matalino ang Diyos kaysa kay Adan.

-Ang isang mas matandang lalaki ba ay mas matalino kaysa sa isang batang lalaki?
-Oo.

-Ang isang mas matandang babae ba ay mas matalino kaysa sa isang batang babae?
-Oo.

-Mahalaga ba para sa mga batang lalaki na makinig sa nakakatandang lalaki?
-Oo.

-Mahalaga ba para sa mga batang babae na makinig sa nakakatandang babae?
-Oo.

-Dahil ang Diyos ay higit na matalino kaysa kay Adan, mahalaga para kay Adan na makinig sa Diyos.



-Bakit gusto ng Diyos na makinig si Adan sa Kanya?

-Dahil ang Diyos ay higit na matalino kaysa kay Adan.
-Dahil alam ng Diyos kung ano ang mabuti paray kay Adan.

-Dahil alam ng Diyos kung ano ang masama para kay Adan.
-Dahil nais ng Diyos na protektahan si Adan.

-Alam ng mas nakakatandang mga lalaki kung ano ang mabuti at kung ano ang masama para sa mga batang lalaki.

-Alam ng mas nakakatandang mga babae kung ano ang mabuti at kung ano ang masama para sa mga batang babae.

-Sino ang nakakaalam kung ano ang mabuti at kung ano ang masama para kay Adan?
-Ang Diyos.

-Sino ang nakakaalam kung ano ang mabuti para sa lahat ng tao?
-Ang Diyos.

-Alam ng Diyos ang lahat.

-Nais ng Diyos na makinig si Adan sa Kanya.
-Nais ng Diyos na ang lahat ng tao ay makinig sa Kanya.

-Ang mga katotohanan ng Diyos ay nasa Bibliya.

-Nais ng Diyos na ang lahat ng tao ay makinig sa Kanyang isinulat sa Bibliya.